# Pinagbuti 2018

## Ano ang nasa loob


| | |
|---|---|
| Impormasyon para sa mga taong nagtatrabaho | 1 |
| Impormasyon para sa mga taong tumatanggap ng Social Security na benepisyo | 2 |
| Impormayson para sa mga tumatanggap ng Supplemental Security Income (Karagdagang Kitang Pangseguridad) (SSI) | 3 |
| Impormasyon para sa mga taong may Medicare | 3 |
| Pakikipag-ugnayan sa Social Security | 4 |


Ang update na ito ay nagbibigay ng bagong impormasyong tungkol sa maraming bagay, katulad ng mga buwis at benepisyo ng Social Security. Ayon sa batas, ang ilang mga numero ay awtomatikong magbabago bawat taon upang panatilihing nasasapanahon ang programa sa mga antas ng presyo at pasahod.

## Impormasyon para sa mga taong nagtatrabaho

| **Mga buwis ng Social Security at Medicare** | | |
|---|---|---|
| ***Mga buwis ng Social Security*** | ***2017*** | ***2018*** |
| Empleyado/Taga-empleyo (bawat isa) | 6.2% sa kinita hanggang $127,200 | 6.2% sa kinita hanggang $128,400 |
| May sariling negosyo<br>*Maaaring mapa-gaan ng mga provisions ng income tax | 12.4%* sa kinita hanggang $127,200 | 12.4%* sa kinita hanggang $128,400 |
| ***Mga Buwis sa Medicare*** | ***2017*** | ***2018*** |
| Empleyado/Taga-empleyo (bawat isa) | 1.45% sa lahat ng kinita | 1.45% sa lahat ng kinita |
| May sariling negosyo<br>*Maaaring mapa-gaan ng mga provisions ng income tax | 2.9%* sa lahat ng kinita | 2.9%* sa lahat ng kinita |
| Ang may malalaking kita ay magbabayad din ng karagdagang 0.9 porsyento para sa Medicare buwis sa kinikita paglampas ng partikular na halaga. Sumangguni sa Internal Revenue Service para sa karagdagang detalye. | | |

| Mga buwis ng Social Security at Medicare | | |
|---|---|---|
| ***Kredito ngTrabaho*** Kapag kayo ay nagtatrabaho, makakakuha kayo ng kredito para sa benepisyo ng Social Security. Kailangan ninyo ng partikular na bilang ng kredito upang maging kwalipikado sa mga benepisyo ng Social Security. Ang bilang na kailangan ninyo ay depende sa inyong edad at ng uri ng mga benepisyo na inaaplayan ninyo. Maaari kayong kumita ng maximum na apat na kredito bawat taon. Karamihan sa mga tao ay nangangailangan ng 40 kredit upang maging kwalipikado sa mga benepisyo ng pagreretiro. | | |
| | ***2017*** | ***2018*** |
| | $1,300 kumikita ng isang kredito | $1,320 kumikita ng isang kredito |

## Impormasyon para sa mga taong tumatanggap ng Social Security na benepisyo

| Limit ng Kinikita | | |
|---|---|---|
| Sa ilalim ng batas ng federal, ang mga taong tumatanggap ng mga benepisiyo ng Social Security na hindi pa umaabot sa ganap na edad ng pagreretiro ay may karapatang tumanggap ng lahat ng kanilang mga benepisiyo hangga't ang kanilang mga kinikita ay hindi umabot sa limit na nakasaad sa ibaba. Para sa mga taong ipinanganak noong 1943 hanggang1954, ang ganap na edad ng pagreretiro ay 66. Tataas nang unti-unti ang takdang edad ng pagreretiro bawat taon hanggang umabot ng edad 67 para sa mga taong ipinanganak noong 1960 o sa mga sumusunod taon. | | |
| | ***2017*** | ***2018*** |
| Sa ganap na edad ng pagretiro o mas matanda pa | Walang limit sa kinikita | Walang limit sa mga kinikita |
| Sa ganap na edad ng pagretiro | $16,920<br>Sa bawat $2 na kinita lampas ng limit, $1 ang ibabawas sa mga benepisiyo. | $17,040<br>Sa bawat $2 na kinita lampas ng limit, $1 ang ibabawas sa mga benepisiyo.. |
| Sa taong umabot kayo sa ganap na edad ng pagretiro | $44,880<br>Sa bawat $3 na lampas ng limit, $1 ang ibabawas sa mga benepisiyo hanggang sa buwan na umabot kayo sa ganap na edad ng pagretiro | $45,360<br>Sa bawat $3 na lampas ng limit, $1 ang ibabawas sa mga benepisiyo hanggang sa buwan na umabot kayo sa ganap na edad ng pagretiro. |
| ***Mga limit ng kinikita ng mga benepisaryo sa may kapansanan:*** Kapag nagtatrabaho kayo habang tumatanggap ng mga benepisiyo para sa kapansanan, dapat ninyong sabihin sa amin ang inyong mga kinikita gaano man kaliit ito. Maaari kayong magkaroon ng walang limit na kita sa loob ng panahon ng pagsubok ng trabaho na hanggang siyam na buwan (di-kailangang magkasunod-sunod) at buo pa ring matatanggap ang benepisiyo para sa kapansanan. Kapag natapos na ang inyong siyam na buwang panahon ng pagsubok ng trabaho, titingnan namin kung may kwalipikado pa kayong tumanggap ng mga benepisiyong pangkapansanan. Maaari rin kayong maging kwalipikado para sa ibang insentibong pantrabaho upang makatulong sa inyong pagbalik sa trabaho. | | |
| | ***2017*** | ***2018*** |
| Kapaki-pakinabang Na Gawain (hindi bulag) | $1,170 bawat buwan | $1,180 bawat buwan |
| Kapaki-pakinabang Na Gawain (bulag) | $1,950 bawat buwan | $1,970 bawat buwan |
| Buwan ng pagsubok sa trabaho | $840 bawat buwan | $850 bawat buwan |

Pinagbuti 2018

## Impormayson para sa mga tumatanggap ng Supplemental Security Income (Karagdagang Kitang Pangseguridad) (SSI)

| **Buwanang federal na pagbabayad sa SSI (pinakamataas)** | | |
|---|---|---|
| | ***2017*** | ***2018*** |
| Indibidwal | $735 | $750 |
| Mag-asawa | $1,103 | $1,125 |
| ***Buwanang limit ng kinikita*** | ***2017*** | ***2018*** |
| Indibidwal na ang kinikita ay nagmumula lamang sa sinasahod | $1,555 | $1,585 |
| Indibidwal na ang kinikita ay hindi nagmumula sa sinasahod | $755 | $770 |
| Mag-asawa na ang kinikita ay nagmumula lamang sa sinasahod | $2,291 | $2,335 |
| Mag-asawa na ang kinikita ay hindi nagmumula sa sinasahod | $1,123 | $1,145 |
| ***PAUNAWA:*** *Kung kayo ay kumikita, ang inyong buwanang benepisyo ay karaniwang mas mababa kaysa pinakamataas na kabayaran ng pederal SSI. Pakitandaan na kailangan ninyong ipagbigay-alam ang lahat ng inyong kinita sa amin. Ang iilang estado ay nagdadagdag ng pera sa mga kabayaran ng federal SSI. Kung kayo ay nakatira sa isa sa mga estadong ito, maaari kayong kwalipikado para sa mas mataas na kabayaran. Ang kikitain ninyo ay maaaring mas mataas kaysa sa mga limit na nakasaad at maaari pa rin kayong maging kwalipikado.* | | |

## Impormasyon para sa mga taong may Medicare

| **Karamihan ng mga gastusin sa Medicare ay tataas sa taóng sabay ng pagtaas ng mga gastos sa pangangalagang pangkalusugan** | | |
|---|---|---|
| | ***2017*** | ***2018*** |
| ***Insurance na Pang-ospital (Part A)*** | | |
| Bayad ng pasyente para sa unang 60 araw sa ospital | $1,316 | $1,340 |
| Bayad ng pasyente para sa ika-61 hanggang ika-90 na araw sa ospital | $329 bawat araw | $335 bawat araw |
| Bayad ng pasyente paglagpas ng 90 araw sa ospital, (para sa hanggang 60 araw) | $658 bawat araw | $670 bawat araw |
| Bayad ng pasyente para sa unang 20 araw sa pasilidad ng skilled nursing | $0 | $0 |
| Bayad ng pasyente para sa ika-21 hanggang ika-100 na araw sa pasilidad ng skilled nursing | $164.50 bawat araw | $167.50 bawat araw |
| ***Part A Premium Buy-In:*** Ang halaga ng premium na inyong babayaran upang makabili ng Medicare Part A ay depende sa bilang ng inyong mga kinitang credit sa Social Security. Kung kayo ay mayroong: | | |
| 40 kredit | $0 | $0 |

Pinagbuti 2018

| **Karamihan ng mga gastusin sa Medicare ay tataas sa taóng sabay ng pagtaas ng mga gastos sa pangangalagang pangkalusugan** | | |
|---|---|---|
| 30-39 kredit | $227 bawat buwan | $232 bawat buwan |
| less than 30 credits | $413 bawat buwan | $422 bawat buwan |
| ***Insurance na Pang-Medikal (Part B)*** | ***2017*** | ***2018*** |
| Premium | $134 bawat buwan | $134 bawat buwan** |
| Deductible | $183 bawat taon | $183 bawat taon |
| | Pagkatapos mabayaran ng pasyente ang deductible Part B ay magbabayad sa 80 porsiyento ng kalakip na mga serbisyo. | |
| ***PAUNAWA:*** *Kung mayroon kayong Medicare at ang inyong kinikita ay mababa lamang, maaaring bayaran ng inyong estado ang inyong Medicare premium, at paminsan, pati ang inyong mga deductible at iba pang mga gastos ninyong pangmedikal. Makipag-ugnay sa inyong lokal na ahensiyang pangmedikal (Medicaid) na tulong, social services (panlipunang tulong) o tanggapan ng welfare para sa karagdagang kaalaman.* | | |
| ***Ang karaniwang buwanang kabayaran ay $134. Ang ibang taong may malaking kinikita ay nagbabayad ng mas mataas na premium.* | | |

## Pakikipag-ugnayan sa Social Security

May iba't ibang paraan para makipag-ugnayan sa Social Security, kabilang na ang online, sa pamamagitan ng telepono, at nang personal. Naririto kami para sagutin ang inyong mga katanungan at upang mapaglingkuran kayo. Higit na sa 80 taon, ang Social Security ay nakatulong na mapanatag ang kabuhayan ngayon at para sa kinabukasan sa pamamagitan ng pagkakaloob ng mga benepisyo at pinansiyal na proteksyon para sa milyon-milyong mga katao para sa kanilang pamumuhay.

### Bumisita sa aming website

Ang pinakamadaling paraan na makipag-ugnayan sa Social Security mula saanmang lugar kahit kailan, ay bumisita sa ***www.socialsecurity.gov***. Doon, maaari kayong:

- Lumikha ng isang *my* Social Security account para mabalikan ang inyong *Social Security Statement*, patotohanan ang inyong mga kinita, mag-print ng isang benefit verification lettert (liham ng pagpapatotoo ng benepisyo), baguhin ang inyong impormasyon para sa direktang pagde-deposito, humiling ng isang pamalit na Medicare card, kumuha ng kapalit na SSA-1099/1042S, at marami pang iba;
- Mag-apply para sa Extra Help (Karagdagang Tulong) gamit ang mga gastusin sa plano ng Medicare para sa inireresetang gamot;
- Mag-apply para sa retirement, kapansanan at mga benepisyo sa Medicare;
- Maghanap ng mga kopya ng aming mga inilathala;
- Makuha ang mga sagot sa mga madalas a katanungan; at
- Marami pang iba!

Ang ilang sa mga serbisyong ito ay makukuha lang sa wikang Ingles. Bumisita sa aming Multilanguage Gateway para sa impormasyon sa wikang Tagalog. Kami ay nagkakaloob ng libreng serbisyo ng interpreter para tulungan kayo sa pagsasagawa ng inyong dapat gawin sa Social Security. Ang mga serbisyo ng interpreter ay handang magamit kung kayo ay makikipag-usap sa amin sa telepono o sa tanggapan ng Social Security.

## Tumawag sa amin

Kung wala kayong access sa internet, kami ay naghahandog ng maraming mga automated na serbisyo sa pamamagitan ng telepono, 24 oras, 7 araw sa isang linggo. Tumawag sa amin sa walang bayad na toll sa **1-800-772-1213** o sa aming TTY na numero, **1-800-325-0778**, kung kayo ay hindi nakakarinig o nahihirapan makarinig.

Kung kailangan ninyong makipag-usap sa isang tao, masasagot namin ang inyong mga tawag mula 7 a.m. hanggang 7 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Humihingi kami ng kaunting pasensya sa mga panahon na napakaraming ginagawa dahil maaari kayong makaranas ng higit sa karaniwang dalas na pagka-busy ng telepono at mas matatagal na panahon ng paghihintay sa tawag para makausap kami. Inaasahan namin na makapaglingkod sa inyo.

Securing today
and tomorrow

**Social Security Administration**
Publication No. 05-10003-TL | January 2018
Pinagbuti 2018
Update 2018 (Tagalog)
Produced and published at U.S. taxpayer expense
Ang nagbabayad ng buwis sa U.S. ang nagbayad para sa paglikha at paglathala nito